REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

DEPARTMENT OF EDUCATION

***Tanggapan ng Kalihim***
***Office of the Secretary***

Direct Line: 633-7208 / 7228
Fax: 636-4876
DETxt: 0919-4560027
E-Mail Address: csec@deped.gov.ph
Website: http://www.deped.gov.ph

JAN 12 2004

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 11, s. 2003

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSHAP SA FILIPINOLOHIYA:
PANANAW, PAGSUSURI AT DIREKSYON

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Departamento ng Filipino ng Kolehiyo ng Malalayang Sining ng Pamantasang De La Salle-Maynila, sa taguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino, ay magdaraos ng isang Pambansang Seminar – Workshap na may paksang *"Filipinolohiya: Pananaw, Pagsusuri at Direksyon"* na gaganapin sa DLSU, Taft Avenue, Maynila sa Abril 28-30, 2004.

2. Pangkalahatang paksa ng pambansang seminar-workshap ang pagpapalawak at pagpapalalim ng kaalaman ng mga guro at iskolar tungkol sa masalimuot ngunit progresibong pag-angat ng wikang Filipino bilang disiplina.

3. Pagkatapos ng seminar-workshap, inaasahang ang bawat partisipant ay:

a. magtataglay ng higit na mataas na antas ng kaalaman at kasanayan tungkol sa mga pagbabago sa pagtuturo at pagkatuto ng wikang Filipino bilang disiplina;
b. magbubunsod ng mas masigabong pagkilos tungo sa patuloy na paglinang ng wika at lipunan; at
k. magagamit ang kaalaman sa pagpapaangat ng wikang Filipino sa lalong mataas na antas ng diskurso.

4. Inaanyayahang dumalo sa seminar–workshap na ito ang lahat ng kinatawan ng mga tanggapang sentral ng Departamento ng Edukasyon, Komisyon ng Lalong Mataas na Edukasyon, panrehiyon at pansangay na tagamasid, tagapag-ugnay, at tagapangulo ng departamento sa Filipino ng lahat ng antas ng edukasyon sa mga institusyong publiko at pribado. Ang mga partisipant na manggagaling sa pampublikong paaralan ay pinapayagang dumalo sa **opisyal na oras lamang**.

5. Ang rehistrasyon ay Dalawang Libo't Limandaang Piso (PhP2,500.00) na gugugulin para sa seminar kit, hand-awts, sertipiko ng pakikilahok at pagdalo, tatlong tanghalian at anim na meryenda (umaga at hapon), gamit ng awditoryum, internet at iba pang gastusin sa pagpapatakbo ng seminar-workshap. Hindi kasama dito ang bayad tirahan ng mga partisipant.

6. Para sa karagdagang impormasyon o katanungan mangyaring makipag-ugnayan kay Dr. Janet Hope Tauro-Batuigas, Tagapangulo, Departamento ng Wikang Filipino, Pamantasang De La Salle, 2401 Taft Avenue, Manila o sa telepono bilang 524-46-11 loc. 509/522, Website: *http://geocities.com/fildept/index.htm*

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

EDILBERTO C. DE JESUS
Kalihim

Sanggunian: Wala

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa:

Learning area, FILIPINO
SEMINARS
WORKSHOPS

Yaba/filipinolohiya seminar
12/15/03